# GUSTO KO BANG MAKIPAGKAIBIGAN SA KAGAYA KO?

**Ni Jessica Zoey Strong**
Mga Magasin ng Simbahan

*Tumingin ka sa salamin—nang literal.*



Hiniling mo na ba na sana ay medyo ibahin ng isang kaibigan ang paggawa sa isang bagay? Tulad ng pagtulong pa sa iyo, bawasan ang panunukso sa iyo, o suportahan ka sa isang bagay? Mahalagang magkaroon ng mabubuting kaibigan. Pero una, maaaring makatulong ang maging mabuting kaibigan.

Oras na para sa kaunting pagmumuni-muni: Ikaw ba ang uri ng kaibigan na gusto mong kaibiganin? Tinutularan mo ba ang halimbawa ni Jesucristo sa iyong mga pakikipagkaibigan?

Tumingin tayo sa salamin—nang literal. Pagdating mo sa may pabaligtad na teksto ng artikulong ito, itapat ang pahinang ito sa salamin para mabasa ito.

> "Hinihimok ko kayong piliing mabuti ang mga makakasama ninyo at pahalagahan ang mga kaibigang iyon na nagpapasigla sa inyo at ginagawa kayong mas mabuti sa kanilang piling. At maging gayong mga kaibigan sa isa't isa."
>
> Pangulong Russell M. Nelson, "Reflection and Resolution" (debosyonal sa Brigham Young University, Ene. 7, 1990), 6, speeches.byu.edu.

**1.** Ano ang ginagawa ng iyong mga kaibigan na pinasasalamatan mo?

**Pag-isipan:** Suklian o gantihan sila sa ilan sa kanilang kabutihan. Ano ang mahusay nilang ginagawa na nais mong gawin para sa kanila?

**2.** Ano ang hinihiling mong simulang gawin ng iyong mga kaibigan?

**Pag-isipan:** Sa halip na hintayin sila, ano ang masisimulan mong gawin? Maaaring makatulong ito.

**3.** Ano ang iniisip mong tigilan sanang gawin ng mga kaibigan mo?

**Pag-isipan:** TUMIGIL. Bago ka magtuon sa kanilang mga pagkakamali, ano sa mga bagay na iyon ang kailangan mo mismong itigil?

**4.** Ano ang sasabihin ng mga kaibigan mo na gusto nila tungkol sa iyo?

**Pag-isipan:** Magtuon sa iyong mga kalakasan! Paano mo magagawa nang mas madalas ang mga bagay na iyon?

**5.** Ano ang sasabihin ng mga kaibigan mo na maaari mong pagsikapan para maging mas mabuting kaibigan?

**Pag-isipan:** Ano ang isang bagay na pagbubutihin mo para maging pinakamabuting kaibigan na kaya mong maging?

Sana ay nasiyahan kang tumingin sa salamin. Isa pang tanong—ang pinakamahalaga:

**Paano ka magiging higit na katulad ng Tagapagligtas na si Jesucristo sa iyong mga kaibigan?**